36-7

REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

***Tanggapan ng Pangalawang Kalihim***
***Office of the Undersecretary***

Telefax: 631-84-92
Direct Line: 633-72-03
Trunk Line: 632-13-61 locals 2006 / 2105
E-Mail Address: asecrcb@I-next.net

Memorandum Pangkagawaran
Blg. 151, s. 2002

**AUG 21 2002**

**PAMBANSANG SEMINAR-DEMO-WORKSYAP PARA SA INTEGRATIV, INTERAKTIV, AT KOLABORATIV NA PAGTUTURO NG FILIPINO BATAY SA NIRESTRUKTURANG KURIKULUM NG BATAYANG EDUKASYON**

Sa mga: Direktor Panrehyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pribadong Paaralang Elementarya at Sekundarya
Tagapangulo, CHED

1. Ang Kagawaran ng mga Wika ng Kolehyo ng mga Sining at Agham Panlipunan ng Pamantasang Normal ng Pilipinas ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Demo-Worksyap para sa antas elementary, sekundarya at tersyarya sa Agosto 26, 27 at 28 sa Awjo-Viswal ng Aklatang PNU. Ang paksa ng Seminar-Demo-Worksyap ay "Ang Integrativ, Interaktiv, at Kolaborativ na Pagtuturo ng Filipino Batay sa Nirestrukturang Kurikulum ng Batayang Edukasyon."

2. Dahil sa masidhing pangangailangan na maitaas ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto ng Filipino, nilalayon ng seminar-worksyap na:

   2.1 maitaas sa kamalayan ng mga partisipant at kalakaran sa pagtuturo ng Filipino ayon sa Nirestrukturang Kurikulum ng Batayang Edukasyon;
   2.2 makapaglaan ng venyu para sa pagtalakay sa mga napapanahong teorya at praktis sa Integrativ, Interaktiv at Kolaborativ na Pagtuturo ng Filipino;
   2.3 malinang ang pagiging reflektiv at estratejic sa pagtuturo tungo sa efektivong implementasyon ng binagong kurikulum sa Filipino.

3. Ang dapat dumalo sa seminar na ito ay ang mga puno, tagapag-ugnay ng Kagawaran ng Filipino ng mga paaralan, kolehyo at universidad, at mga piling guro/tagapag-ugnay sa Filipino ng mga rehiyon, divisyon at distrito ng mga paaralang elementarya, sekundarya at tersyarya, publiko o privado man.

4. Para sa rehistrasyon sa naturang seminar, ang butaw ay dalawang libong piso (P2,000.00) bawat kinatawan para sa mga handawts, bag, sertifiko, pagkain at iba pang gastusin sa seminar.

5. Para sa reservasyon, at iba pang imformasyon, makipag-ugnay kay Prof. Estrella L. Peña, Kagawaran ng mga Wika, Pamantasang Normal ng Pilipinas, Taft Avenue, Maynila sa telefono blg. 527-0371.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**RAMON C. BACANI**
Undersecretary
Officer-In-Charge

/sgb.doc.change.page13

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
WORKSHOPS